


# Learning Guide



in

# Heograpiya/Kasaysayan/ Sibika

GRADE V

## Reaksiyon sa mga Patakarang Pangkabuhayan ng mga Espanyol

Department of Education
Bureau of Elementary Education
Pasig City, Philippines
2003

**Learning Guide: Heograpiya/Kasaysayan/Sibika**
Pag-aari ng Pamahalaan • Hindi Ipinagbibili

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi.** Isinasaad ng Seksiyon 9 ng Atas ng Pangulo Bilang 49: "Walang karapatang-sipi ang anumang akda ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas. Gayunman, kung kakalakalin ito, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang gumawa nito."

Ang mga Learning Guides sa Heograpiya/Kasaysayan/Sibika ay inihanda ng Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum (Curriculum Development Division) ng Kawanihan ng Edukasyong Pang-Elementarya. Sadyang inihanda ang mga kagamitang ito upang matulungan ang mga guro at mag-aaral para sa lubusang pagkatuto ng mga kasanayan gayon din upang maragdagan at mapayaman ang mga batayang aklat na inihanda ng Instructional Materials Council Secretariat (IMCS).

Iba't ibang kagamitan ang ginamit tulad ng kuwento, tula, maikling dula-dulaan, mga kuwentong bayan at iba pa sa paglalahad ng kasanayang lilinangin kasama ang maraming pagsasanay na angkop sa mga mag-aaral sa mga paaralang elementarya.

**Mga Tagapamahala.** Dr. Lidinila M. Luis-Santos, *Direktor IV*; Dr. Teresita G. Inciong, *Direktor III*; Dr. Merlita A. Nolido, *Tagapamahala, Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum*; Ms. Corazon L. Galang, *Tagapamahala, Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum (1995-1998)*

**Mga Manunulat**. Elizabeth J. Escaño, *Tagapag-ugnay ng Proyekto,* Elizabeth J. Escaño, Federico L. Reyno, Ofelia H. Eustaquio, Noel P. Miranda, Aurea S. Duran, Celia C. Juachon, Concepcion G. Viernes, Marion Grace Murillo, Erlinda Andal, *Tagamasid, Sangay ng Maynila,* Angelita Cagalingan, *Tagamasid, Sangay ng Pasig*, Carmencita Magabo, *Tagamasid, Sangay ng Makati*, Rosalinda Palacao, *Sangay ng Cavite,* Araceli Rivera, *Sangay ng Rizal, Mga Kasapi,* Remedios G. Pardo, Herminia G. Valenzuela, Rowena B. Dino, Glenda P. Monterozo, Myrna D. Latoza, Ferdinand S. Bergado, Wilson T. Sy, Julius Peter Samulde, Romeo A. Granadozin, *Mga Katulong sa Paghahanda,* Eric S. de Guia, Fermin M. Fabella, *Mga Gumuhit ng Larawan*

**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**Curriculum Development Division**

Office Addres: 2nd Floor, Bonifacio Bldg.,
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City
Telephone No.: 632-1361 loc. 2055/2174/2175
Fax No.: 633-7270

## ALAMIN

Bakit kaya nagwewelga ang mga magsasaka sa koprahan?




- Makatarungan ba ang kanilang ginawang pagwewelga? Bakit?

Sa araling ito, maipaliliwanag ang naging reaksiyon ng mga Pilipino sa patakarang ito tulad ng pag-iwas nila sa sapilitang paggawa.



# PAG-ARALAN

## PAGHAHANDA

**1. Sa Tulong ng Guro**

- Pagbalik-aralan ang mga patakarang pangkabuhayan noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol. Pag-usapan ang naging epekto nito sa mga Pilipino noon.


**2. Gagawin Ko**

- Punan ang tsart.

| Mga Patakarang Pangkabuhayan | Epekto sa mga Pilipino |
|---|---|
| | |

- Sagutin:
  - Kung nabubuhay ka noong unang panahon ng Espanyol at naranasan mo ang kanilang pang-aabuso, ano ang iyong gagawin? Itala ang maaari mong gawin.

♦ Basahin ang dayalog ng mag-ama.



"Dahil sa kanilang kahirapan at kamangmangan kaya hindi nagtagumpay ang kanilang pagtutol at paglaban. Ang iba ay tinanggap na lamang ang kanilang kapalaran."




"Bandala – sapilitang pagbibili ng produkto tulad ng bigas sa halagang itinakda ng pamahalaan."

**3. Sa Tulong ng Guro**

- Pag-usapan ang naging reaksiyon ng mga Pilipino sa mga patakarang pangkabuhayan noong panahon ng Espanyol.
- Sagutin:

  a) Ano ang naging reaksiyon ng mga Pilipino sa mga sumusunod na patakaran – polo y servicios? sistemang kasama? bandala?

  b) Makatwiran ba ang naging reaksiyon ng mga Pilipino noon?

**4. Gagawin Ko**

- Balikan ang ginawa sa bilang 2 at ihambing ito sa mga naging reaksiyon ng mga Pilipino noon?

## PAGSASANAY

A. Isulat sa patlang ang titik E kung ito ay tumatalakay sa epekto o R kung ito ay reaksiyon.

_______ 1. Tinutulan ng mga Pilipino ang paraan ng pagsasagawa ng polo y servicios.

_______ 2. Marami sa mga manggagawa ang namatay dahil sa hirap at gutom dahil sa walang tigil na paggawa.

_______ 3. Napabayaan ang mga sakahan.

_______ 4. Naghimagsik ang kalooban ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol.

_______ 5. Maraming magsasaka ang huminto sa pagtatanim.

_______ 6. May mga magsasakang nagtanim para sa pansariling pangangailangan lamang.

_______ 7. Umiwas sa sapilitang paggawa ang mga may salapi.

_______ 8. Inabuso ng mga asendero ang mga kasama.

_______ 9. Maraming mga pang-aabuso ang nangyari sa asyenda.

_______ 10. Ang mga kasama ay tumutol at lumaban.

B. Punan ang tsart.

| Mga Patakarang Pangkabuhayan | Reaksiyon ng mga Pilipino |
| --- | --- |
| | |

C. Sumulat ng maikling talata na tatalakay sa reaksiyon ng mga Pilipino.

**TANDAAN**

Iba't ibang reaksiyon ang ginawa ng mga Pilipino sa mapang-abusong patakarang pangkabuhayan ng mga Espanyol.



**PAGLALAPAT**

1. **Gagawin Namin**

   - Magpangkat sa dalawa. Maghanda para sa pagdedebatehang paksa.
     - *Alin ang higit na makakatulong sa pag-unlad ng bansa?*

       *Gawaing manwal (Manual Labor) o Gawaing di-manwal (White Collar Job)*

2. **Sa Tulong ng Guro**

   - Magbigay ng mungkahi tungkol sa tinalakay ng mga bata sa paksang pinagtatalunan.

3. **Gagawin Ko**

   - Gumawa ng mga mungkahing magpapahalaga sa gawaing manwal.

## SUBUKIN

A. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa patlang.

_____ 1. Alin ang naging reaksiyon ng mga Pilipino sa bandala?

a) tumakas
b) naghimagsik
c) huminto sa pagtatanim
d) nagbayad ng suhol

_____ 2. Ang mga sumusunod ay reaksiyon ng mga Pilipino noon sa sistemang polo y servicios, maliban sa isa. Alin ito?

a) pagbabayad ng falla
b) pagtakas
c) pagwewelga
d) pagbibigay-suhol sa mga opisyales ng pamahalaan

_____ 3. Ano ang naging reaksiyon ng mga kasama sa mga asendero ng lupa?

a) pinaglingkurang maigi ang asendero
b) buong puso na nagbungkal ng lupa
c) nagpaalipin sa mga asendero
d) huminto sa pagtatanim at nag-alsa

_____ 4. Aling reaksiyon ang nagsasaad ng hindi pagtutol sa pang-aabuso ng mga Espanyol?

a) pag-aalsa
b) paghihimagsik
c) paglaban
d) pagtanggap ng kapalaran

_____ 5. Paano mo mapahahalagahan ang gawaing manwal?

a) pahalagahan ang mga gawaing pantanggapan
b) kumuha ng kursong "Computer"
c) maging interesado sa mga gawaing bokasyonal
d) lahat ng nabanggit

B. Isulat ang mga naging reaksiyon ng mga Pilipino sa mga patakarang pangkabuhayan ng mga Espanyol.

1. ______________________________
______________________________

2. ______________________________
______________________________

3. ______________________________
______________________________

4. ______________________________
______________________________

5. ______________________________
______________________________

C. Sumulat ng isang talata na maghahambing sa reaksiyon ng mga Pilipino sa mga patakarang pangkabuhayan noon at ngayon.



## PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

- Basahin ang batas sa Repormang Pansakahan sa ibaba. Isulat ang magiging reaksiyon ng panginoong may lupa at mga magsasaka.

**Ang Komprehensibong Batas ng Repormang Pansakahan**
(Comprehensive Agrarian Reform Law)

Ginawa itong komprehensibo sapagkat sinasaklawan nito ang lahat ng uri ng lupang pansakahan. Bukod sa itinatanim na palay, kasama rin ang mga taniman ng niyog, tubo, mais, abaka, tabako at iba pa.

Sa ilalim ng batas na ito ay may mga patakarang nagsasaad na ang sinumang nagmamay-ari ng hihigit pa sa pitong ektarya ng lupang pansakahan ay ipapasok sa Programa ng Repormang Pansakahan. Alinsunod sa mga probisyon ng nasabing batas, maaaring maging pag-aari ng magsasaka ang lupang kaniyang sinasaka. Susukatin ang kaniyang lupang sinasaka at tutuusin ang halaga nito. Babayaran niya ng hulugan ang lupang sinasaka sa loob ng ilang taon batay sa kakayahang magbayad. Magmumula ang ihuhulog niya sa taunang kita ng kaniyang sinasaka.

Sa takdang panahong mabayaran niya ang lupang sinasaka, ang sertipiko ng paglilipat ng lupa ay ipagkakaloob na sa magsasaka. May karapatan na ngayon siyang ariin ang lupang sinasaka.